



「Food Aid Program」 Maaaring magtanong sa Iba't ibang wika

Ang Food Bank Project ay naisakatuparan sa pagtutulungan ng iba't ibang grupo sa loob ng prepektura upang masuportahan ang mga pamilyang nangangailangan. Ipinapadala ang mga suplay ng pagkain sa may pangangailangan sa pamamagitan ng door to door delivery service (*takyubin*).

Ang Employment Support Center 「MAISAPO」 ay karaniwang tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa food aid program. Ngunit upang matugunan ang dumaraming konsultasyon mula sa mga residenteng banyaga, inumpisahan sa pagkakataong ito ang pagtanggap ng mga konsultasyon sa iba't ibang wika sa pakikipagtulungan ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

Para sa interesadong tumanggap ng tulong na ito, pakisuyong tumawag sa consultation desk na nasa ibaba.

Kasama sa suplay ng mga pagkaing ito ang mga donasyon ng pagkain na kinalap mula sa mga residente ng prepektura sa ilalim ng 「Food Aid Emergency Donation Project」 na isinagawa nitong Hunyo 1 hanggang Hunyo 12. Ipinapaabot namin ang aming pasasalamat sa mga nagbigay ng donasyon at nakiisa sa proyektong ito.

1 Pagtanggap ng konsultasyon sa iba't ibang wika para sa Food Aid Program

Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center

TEL 026-219-3068 / TEL 080-4454-1899

Araw na bukás para sa konsultasyon: Lunes hanggang Biyernes maliban sa una at ikatlong Miyerkules. Bukás din tuwing una at ikatlong Sabado. **Oras** ng pagtanggap ng **konsultasyon**: 10am hanggang 6pm

- Panahon ng pagtanggap Hunyo 23 (Martes) hanggang Setyembre 30 (Miyerkules)
(Emergency assistance upang matugunan ang pangangailangan ng mga apektado ng COVID-19)

2 Mga dapat tandaan

○Ipapadala ng Food Bank nang libre ang mga pagkain na maaaring ikonsumo sa loob ng 2 linggo sa mga pamilyang nangangailangan ng tulong mula sa prepektura ng Nagano.

(Ang foobank ay isang public service program na isinasagawa ng Nagano City Social Welfare Council)

○Ihahanda ang mga pagkain ayon sa request at sitwasyon ng pamilyang nangangailangan ngunit ipinapaalala na posibleng hindi matugunan ang inyong mga kahilingan dahil sa kalagayan ng mga donasyon ng pagkain.

3 Proyektong Food Aid Program

Ito ay isang joint project na pinagtutulungan ng 3 organisasyon.

- Approved Specified Non-profit Organization Food Bank Shinshu
(Isang ekspertong organisasyon na isinusulong ang Food Bank Project sa Nagano Prefecture)

○Nagano City Social Welfare Council Food Bank
(Isang public service program na pinangangasiwaan ng Nagano City Social Welfare Council)

- Nagano Prefecture Social Welfare Council Safety Net
(Isang public service program na isinusulong ng Social Welfare Council sa Nagano Prefecture)

4 Inquiry tungkol sa Food Aid Program

- Nagano Prefecture Council for Social Welfare Community Development Volunteer Center
TEL 0 2 6 - 2 2 6 - 1 8 8 2 fax 0 2 6 - 2 2 8 - 0 1 3 0

(Reperensiya) Food Aid Emergency Donation Project

(Panahon ng Pagkalap ng donasyon ng pagkain Hunyo 1 hanggang Hunyo 12)

Nagano Prefecture (Citizen and Cultural Affairs Department · Health and Welfare Department · Environment Division), Nagano Prefecture Future Generation Support Prefectural Assembly, Nagano Prefecture Council for Social Welfare, Municipal Social Welfare Council, Approved Specified Non-Profit Organization Food Bank Shinshu, Nagano City Social Welfare Council Food Bank (NPO Nagano City Social Welfare Council), NPO Hotline Shinshu (Shinshu Kodomo Shokudō Network)